## Tungkol sa Amin

Ang Women's Centre (Sentro ng mga Kababaihan) ay hindi pinamamahalaan ng gobyerno, at hindi umiiral para kumita. Ito ay organisasyon na pampamayanan na pinamamahalaan ng mga kababaihan, para sa mga kababaihan. Binuksan noong 1986, ang Women's Centre ay nagbibigay ng mga serbisyo at tulong sa mga kababaihan sa magkabilang panig ng New South Wales at Victorian Border (Gilid ng Victoria), at ito ay nakabase sa Albury.

Malugod naming tinatanggap ang mga kababaihan o sinumang taong nagpapakilala bilang isang babae anuman ang kanilang kasarian, mula sa edad na 16.

Prayoridad namin ang tulong para sa mga kababaihang nakakaranas ng karahasang nagmumula sa tahanan o pamilya o pag-atakeng sekswal, mga kababaihan na mula sa kanayunan at malalayong lugar, kababaihang Aboriginal at Torres Strait Islander, gayundin ang mga mula sa migrante o kakaibang kultura at wikang pinagmulan.



**Magbigay ng donasyon sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code**

## Mga Oras na Bukas

**Lunes hanggang Biyernes**

9 ng umaga hanggang 12 ng tanghali
1 ng hapon hanggang 5 ng hapon

Women's Centre
FOR HEALTH & WELLBEING
ALBURY WODONGA
*A place for all Women*
ABN: 85 476 895 526

**Kung ito ay isang emergency (nangangailangan ng agarang saklolo) mangyaring tumawag;**

Kapag may emergency 000
Lifeline 13 11 14
1800 RESPECT
Intouch – sentro ng sari-saring kultura laban sa karahasang nagmumula sa pamilya (Victoria) 1800 755 988
Immigration Advice and Rights Centre DV Priority line (02) 8234 0777

**Makipag-ugnayan sa Amin**
(02) 6021 5773

**Ang aming website**
www.womenscentre.org.au

**Ang aming Address (Lokasyon)**
526 Swift Street, Albury 2640



Filipino Translation

# Women's Centre for Health & Wellbeing

## Albury Wodonga

## Ano ang pang-aabuso?

Sa isang mapang-abusong relasyon, sinusubukan ng isang panig na dominahin ang kabilang panig sa pamamagitan ng pisikal na pananakit, mga pagpintas, mga mariing pag-uutos, mga pagbabanta, pamumuwersang ‘reproductive’ (pampag-anak), pagpupumilit na sekswal, paghihiwalay, kontrol sa pananalapi, o pang-aabuso sa visa.

Bawat mag-asawa ay may mga pagtatalo o hindi mga pagkakaunawaan. Sa isang magalang at pantay na relasyon, ang magkapareha ay malayang magpahayag ang kanilang mga opinyon, gumawa ng kanilang mga sariling desisyon, maging totoo sa kanilang mga sarili, at tumanggi sa sex.

Para sa biktima at sa kanyang mga anak, ang pag-uugaling ito ay maaaring maging lubhang mapanganib, nakakatakot, nakakalito at nakakapinsala.

Ang sikolohikal, pinansiyal, visa o emosyonal na pang-aabuso ay maaaring magkasing pinsala ng pang-aabusong pisikal. Ang pang-aabuso sa isang relasyon ay hindi kailanman katanggap-tanggap sa Australia, anuman ang mga pangyayari, at hindi ito kailanman kasalanan ng biktima.

Ang pang-aabuso ay hindi sanhi ng alak, o stress, o ng pag-uugali ng biktima. Nangyayari ang pang-aabuso dahil gusto ng nang-aabuso na kontrolin at manipulahin ang ibang tao. Ang pisikal o sekswal na pag-atake, pwersang panggigipit, pagbabanta at paniniktik ay mga krimen sa Australia at kailangang iulat sa Kapulisan.

Kung ikaw o sinumang taong kilala mo ay nakakaranas ng pang-aabuso, mayroong tulong na nakalaan.

Narito ang Women’s Centre upang tumulong, tawagan kami sa (02) 60215773.

## Ang aming Mga Serbisyo

Tawagan kami sa (02) 60215773 o pumunta sa aming opisina sa 102/526 Swift St, Albury upang makipagtipanan o para sa tulong.

Narito ang aming mga eksperensiyadong koponan at mga tagapayo upang lumikha ng isang ligtas na lugar para magamit ng mga kababaihan bilang kanilang espasyo.

**Pagtanggap at Sanggunian (Intake and Referral)**

**Pagpapayo**

**NILS**
**Walang Interes na Pautang**

**Samahang Katuwang sa Pagpapagaling (Therapeutic Groups)**

**Libreng Legal na Sanggunian (Free Legal Clinic)**

**Aparador ni Ate (Our Sisters Closet)**

## Sinusuportahan ka

Ang aming mga serbisyong ‘Intake at Referral’ (Pagtanggap at Sanggunian) ay nag-aalok ng pangunahing tulong para sa mga kababaihang nangangailangan ng agarang matutuluyan, tulong sa karahasang nagmumula sa tahanan at pamilya, pag-atakeng sekswal, pwersang panggigipit, pang-aabuso, AVO ‘Apprehended Violence Orders’ (Utos ng Korte bunga ng Pag-aresto dahil sa Karahasan), ‘Victims of Crime’ (Mga Biktima ng Krimen), ‘Share the Dignity Bags’ (Ibahagi ang mga Supot ng Dignidad) at marami pang iba.

Nag-aalok kami ng personal na mga serbisyong pagpapayo pati na rin ang ‘Therapeutic Groups’ (Samahang Katuwang sa Pagpapagaling). Ang mga grupo ay nagaganap isang beses sa isang linggo, batay sa termino ng paaralan, at tumatakbo sa loob ng 8 linggo.

Ipinapakita ng aming ‘timetable’ (talaorasan) ang iba't ibang grupo at serbisyong mayroon sa iba't ibang panahon ng taon.

Mayroong serbisyong ‘NILS (No Interest Loan)’ (Walang Interes na Pautang). Tumawag upang makipagtipanan ngayon.

Ang ‘Hume Riverina Community Legal Services’ ay mayroong klinika na magagamit ng mga kababaihang humihingi ng payo tungkol sa AVO, paghihiwalay, batas pampamilya, pag-abuso sa visa, ari-arian at marami pang iba.

Ang ‘Our Sisters Closet’ ay isang libreng serbisyo para sa mga kababaihang nais bumalik sa pagtratrabaho, na maaaring walang maisusuot para sa mga panayam o pagsisimula ng trabaho. Mayroong mga bago at halos bagong kasuotang pangtrabaho, sa anumang sukat, sa pamamagitan ng pakikipagtipanan (appointment). Iniaalok din namin ito sa mga kababaihan at mga dalagitang tumatakas sa karahasang nagmumula sa tahanan at pamilya nang walang dala kasuotan.